

# EASY TAGALOG

By JOSE G. KATINDIG

I—ILANG PANDIWAANG NAGSASABI KUNG ANO ANG ATING DINARAM-  
DAM O NARARAMDAMAM, DINAMDAM O NARAMDAMAN AT MA-  
AARING DAMDAMIN O MARAMDAMAN.

(SOME VERBS THAT TELL WHAT WE FEEL, FELT OR MAY FEEL)

WIKANG PAMBANSA:	ENGLISH:
1—nalulungkot nalungkot maaaring malungkot	feel, feels sad felt sad may feel sad
2—natutuwa natuwa maaaring matuwa	feel, feels happy or glad felt happy or glad may feel happy or glad
3—nagagalak nagalak maaaring magalak	feel, feels glad felt glad may feel glad
4—nahihilo nahilo maaaring mahilo	feel, feels dizzy felt dizzy may feel dizzy
5—naliliyo naliyo maaaring maliyo	feel, feels dizzy felt dizzy may feel dizzy
6—nagugutom nagutom maaaring magutom	feel, feels hungry felt hungry may feel hungry
7—nauuhaw nauhaw maaaring mauhaw	feel, feels thirsty felt thirsty may feel thirsty
8—nabubusog nabusog maaaring mabusog	feel, feels satisfied felt satisfied may feel satisfied
9—napapagod napagod maaaring mapagod	feel, feels tired felt tired may feel tired
10—nahahapo nahapo maaaring mahapo	feel, feels fatigued or tired felt fatigued or tired may feel fatigued or tired
11—nag-aantok nag-antok maaaring mag-antok	feel, feels sleepy felt sleepy may feel sleepy
12—natatakot natakot	feel, feels afraid felt afraid

FOR MODERN OPTICAL NEEDS—SEE KEEPSAKE OPTICAL—80 Escolta

	maaaring matakot	may feel afraid
13—	nag-aalaala	feel, feels worried
	nag-alaala	felt worried
	maaaring mag-alaala	may feel worried
14—	naiinip	feel, feels impatient
	rainip	felt impatient
	maaaring mainip	may feel impatient
15—	nananabik	feel, feels anxious
	nanabik	felt anxious
	maaaring manabik	may feel anxious
16—	nagiginghawahan	feel, feels relieved
	naginghawahan	felt relieved
	maaaring maginghawahan	may feel relieved
17—	nahihiya	feel, feels ashamed
	nahiya	felt ashamed
	maaaring mahiya	may feel ashamed

## MGA PANGUNGUSAP:

- 1—Ako'y nalulungkot.  
Nalulungkot ako.  
Si Maria'y nalulungkot.  
Nalulungkot si Maria.  
Ako'y nalungkot kagabi.  
Nalungkot ako kagabi.  
Si Maria'y nalungkot kahapon.  
Nalungkot si Maria kahapon.  
Si Mameng ay maaaring malungkot kapag iiwan natin siya.  
Maaaring malungkot si Mameng kapag iiwan natin siya.

- 2—Ako'y natutuwang makita kayo.  
Natutuwa akong makita kayo.  
Si Luz ay natutuwa kung kayo'y narito.  
Natutuwa si Luz kung kayo'y narito.  
Ako'y natuwa nang tanggapin ko ang sulat ng aking ina.  
Natuwa ako nang tanggapin ko ang sulat ng aking ina.  
Si Pedro'y natuwa nang siya'y bigyan ko ng isang aklat.  
Natuwa si Pedro nang siya'y bigyan ko ng isang aklat.  
Maaari akong matuwa kung sundin ninyo ang aking payo.  
Ako'y maaaring matuwa kung sundin ninyo ang aking payo.  
Maaaring matuwa si Piling kung

## ENGLISH:

*I feel sad.*

*Maria feels sad.*

*I felt sad last night.*

*Maria felt sad yesterday.*

*Mameng may feel sad if we will leave her.*

*Ibid.*

*I feel glad to see you.*

*Luz feels glad when you are here.*

*I felt glad when I received my mother's letter.*

*Pedro felt glad when I gave him a book.*

*I may feel glad if you will follow my advice.*

*Piling may feel glad if we will permit her to go home.*

*I feel dizzy.*

*Pepita feels dizzy.*

*I felt dizzy yesterday.*

*Loleng felt dizzy last night.*

*I may feel dizzy if I will drink wine.*

*Paning may feel dizzy if she will drink wine.*

*Don't you feel hungry?*

*Do you feel hungry?*

*The child feels hungry.*

*We may feel hungry on the way (road).*

*I want to drink. I feel thirsty.*

*Give Estelita a glass of water. She feels thirsty.*

*Let us bring drinking water. We may feel thirsty on the way.*

*I feel satisfied if you are the one who cooks our food.*

*This child does not feel satisfied even though he eats much food.*

papayagan natin siyang maka-  
uwi.

Si Piling ay maaaring matuwa  
kung papayagan natin siyang  
makauwi.

3—Ako'y nahihilo.

Nahihilo ako.

Si Pepita ay nahihilo.

Nahihilo si Pepita.

Nahilo ako kahapon.

Ako'y nahilo kahapon.

Si Loleng ay nahilo kagabi.

Nahilo si Loleng kagabi.

Maaari akong mahilo kung ako'y  
iinom ng alak.

Ako ay maaaring mahilo kung  
ako'y iinom ng alak.

Maaaring mahilo si Paning kung  
siya'y iinom ng alak.

Si Paning ay maaaring mahilo  
kung siya'y iinom ng alak.

4—Kayo ba'y hindi nagugutom?

Nagugutom ba kayo?

Ang bata'y nagugutom.

Nagugutom ang bata.

Maaaring magutom tayo sa daan.

Tayo'y maaaring magutom sa  
daan.

5—Gusto kong uminom. Ako'y nau-  
uhaw.

Gusto kong uminom. Nauuhaw  
ako.

Bigyan mo si Estelita ng isang ba-  
song tubig. Siya'y nauuhaw.

Bigyan mo si Estelita ng isang ba-  
song tubig. Nauuhaw siya.

Magdala tayo ng inumin. Maa-  
aring mauhaw tayo sa daan.

Tayo ay magdala ng inumin. Ta-  
yo'y maaaring mauhaw sa daan.

6—Ako'y nabubusog kapag ikaw ang  
nagluluto ng ating pagkain.

Nabubusog ako kapag ikaw ang  
nagluluto ng ating pagkain.

Ang batang ito ay hindi nabubu-  
sog kahit na kumain ng maraming  
pagkain.



- Ang batang iyan ay nabubusog ka-  
hit na kumain nang kaunti la-  
mang.
- That child feels satisfied even though  
he eats only little.*
- 7—Napapagod ako. Gusto kong mag-  
pahinga.  
Ako'y napapagod. Gusto kong  
magpahinga.  
Si Mina ay napapagod. Gusto ni-  
yang magpahinga.  
Napapagod si Mina. Gusto niyang  
magpahinga.  
Maaari tayong mapagod sa pagla-  
kad.  
Tayo'y maaaring mapagod sa pag-  
lakad.
- I feel tired. I want to rest.*  
*Mina feels tired. She wants to rest.*  
*We may feel tired in walking.*
- 8—Hindi ba kayo nag-aantok?  
Kayo ba'y nag-aantok?  
Nag-aantok ba si Taling?  
Si Taling ay nag-aantok. Gusto  
niyang matulog.  
Maaaring mag-antok ako kung  
wala akong makakausap na si-  
numan.  
Ako'y maaaring mag-antok kung  
wala akong makakausap na si-  
numan.
- Don't you feel sleepy?  
Do you feel sleepy?  
Does Taling feel sleepy?  
Taling feels sleepy. She wants to sleep.*  
*I may feel sleepy if there is no one  
with whom I can talk.*
- 9—Ako'y natatakot kung gabi.  
Natatakot ako kung gabi.  
Si Trining ay natatakot kung si-  
ya'y nag-iisa sa bahay.  
Natatakot si Trining kung siya'y  
nagiisa sa bahay.  
Maaari kayong matakot kung ma-  
kikita ang kanyang mukha.
- I feel afraid at night.*  
*Trining feels afraid if she is alone in  
the house.*  
*You may feel afraid if you will see  
his face.*
- 10—Ikaw'y huwag mag-alaala tungkol  
sa iyong ama.  
Huwag kang mag-alaala tungkol  
sa iyong ama.  
Si Pining ay nag-aalaala sa hindi  
pag-uwi ng kanyang anak na  
lalaki.
- Do not feel worried about your father.*  
*Pining feels worried for failure to  
come home of her son.*
- 11—Marahil sila'y naiinip na.  
Maaaring sila'y mag-alaala kapag  
hindi tayo darating agad.  
Naiinip na sila marahil.
- They may feel worried if we will not  
arrive soon.*  
*Perhaps they already feel impatient.*

Naiinip si Ginang Ramos sa pag-iintay sa kanyang asawa.

Maaaring mainip sila sa pag-iintay sa atin.

12—Akoy nananabik sa iyong pagdating.

Si Lila ay nananabik na makita ka.

Maaaring manabik kayo sa aking mga balita.

13—Nagiginghawahan ako kung ikaw ay aking nakikita.

Ang nanay ko'y nagiginghawahan pagkainom ng gamot na iyong ibinigay.

Maaaring maginghawahan ang maysakit kapag nakainom ng bagong gamot.

14—Nahihiya akong makipag-usap sa inyo.

Ako'y nahihiyang makipag-usap sa inyo.

Si Pilar ay nahihiya sa nangyari. Nahihiya si Pilar sa nangyari.

Maaaring mahiya kayo sa inyong ginawa.

Kayo'y maaaring mahiya sa inyong ginawa.

*Mrs. Ramos feels impatient waiting for her husband.*

*They may feel impatient in waiting for us.*

*I feel anxious for your arrival.*

*Lila feels anxious to see you.*

*You may feel anxious to hear my news.*

*I feel relieved if I see you.*

*My mother feels relieved after taking the medicine which you gave.*

*The patient may feel relieved if she can take the new medicine.*

*I feel ashamed talking with you.*

*Pilar feels ashamed of what happened.*

*You may feel ashamed of what you did.*

## The Season's Greetings To All!

Start the New Year right with

### Correct Glasses!

- Scientific Examination
- Precision Apparatus
- Expert Craftsmanship

Exclusive Representatives for—AMERICAN OPTICAL CO.

### A. P. REYES OPTICAL CO.

Raon Corner Sales—Manila

Tel. 2-80-86

FOR MODERN OPTICAL NEEDS—SEE KEEPSAKE OPTICAL—80 Escolta